*PK Blg. 2212-150*

**KAPASYAHAN BLG. 144 serye ng 2022**

**PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NG DATING PANGALAWANG PUNONGBAYAN NG TAYTAY, KGG. CEFERINO AQUINO RESURRECCION SR. AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

| | |
|---|---|
| May Akda: | Pang. Punong Bayan Sophia Priscilla L. Cabral |
| Kapwa May-Akda at Nagpanukala: | Kon. Philip Jeison J. Cruz |
| Kapwa Nagpanukala: | Kon. Jan Victor B. Cabitac |
| | Kon. Ma. Jeca B. Villanueva |
| | Kon. Patrick John P. Alcantara |
| | Kon. Jean Lalaine P. Calderon |
| | Kon. John Tobit E. Cruz |
| | Kon. Joanne Marie P. Calderon |
| | Kon. Ma. Elaine T. Leonardo |
| | Pangulo LnB Rufe C. Tapawan |
| | Pangulo Ped. SK Zyrell May B. Villanueva |

SAPAGKAT, nagsimulang maglingkod sa Bayan si Kgg. Nonong Resurreccion ng mahalal bilang Kagawad ng Barangay Sta. Ana noong 1982;

SAPAGKAT, namuno si Kapitan Nonong sa Barangay Sta. Ana bilang Punongbarangay mula 1983 hanggang 1986;

SAPAGKAT, nagpatuloy ng paglilingkod sa bayan si Konsehal Nonong nang mahalal bilang parte ng Konseho Munisipal at kalaun ay miyembro ng Unang Sangguniang Bayan ng Taytay mula 1988 hanggang 1992;

SAPAGKAT, nang kalaunan ay nahalal bilang Bise Alkalde ng Taytay si Vice Mayor Nonong Resurreccion at naupo bilang Tagapamatnugot ng ikalawang Sangguniang Bayan ng Taytay noong 1992 hanggang 1995;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkuran ay nagpamalas siya ng ibayong sipag, talino, kababaangloob at dedikasyon na nakatulong sa pagpapaunlad sa pamayanan at nagbigay ng hindi matatawarang serbisyo sa Munisipalidad ng Taytay;

SAPAGKAT, ang buong bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Punong Bayan Allan Martine S. De Leon, MPA at ng bumubuo ng ika-12 Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa lingkod bayan na yumao kamakailan,

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasya, ang papaabot ng TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI KGG. DATING PANGALAWANG PUNONGBAYAN NG TAYTAY, KGG. CEFERINO AQUINO RESURRECCION SR. AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-28 ng Disyembre, 2022, 3:00 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-28 Di-Pangkaraniwang Pulong ng ika-28 ng Disyembre, taong 2022 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**STANLEE D. CALMA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Pang. Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JEAN LALAINE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. JOHN TOBIT E. CRUZ**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. RUFE C. TAPAWAN**
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

**KGG. ZYRELL MAY B. VILLANUEVA**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan